For Scan

Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz

# SANGGUNIANG BAYAN OFFICE

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG HULYO 28, 2025, LUNES, IKA-09:27 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jericho V. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad- nasa bakasyon |

SANGGUNIANG BAYAN RECEIVED 08 AUG 2025 Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG RELEASED NAME DATE AUG 11 2025 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 226- T2025**

**KAPASiYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 07-T2025/KAUTUSANG BARANGAY BLG. 03-T2025 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG JASAAN NA NAGTATAKDA NG REGULASYON AT NAGPAPATAW NG KABAYARAN AT KAPARUSAHAN SA MGA GAGAMIT AT LALABAG SA PAGGAMIT NG BARANGAY COVERED COURT.**

**Sponsor : HON. ESMERALDO C. DE LAS ARMAS, JR.**

**SAPAGKA'T**, ninanais ng Sangguniang Barangay ng Jasaan na magamit ang Barangay Covered Court sa iba't ibang okasyon at pagsasanay ng mga kabataan sa pang sports na pangangailangan;

**SAPAGKA'T**, kinakailangan na sa paggamit ng Barangay Covered Court ay may mga susundin na alituntunin upang mapangalagaan ang kaayusan at mapangalagaan ang iskultura ng nasabing gusali;

**SAPAGKA'T**, ayon sa Kapasiyahan Blg. 07-T2025/Kautusang Barangay Blg. 03-T2025 ng Sangguniang Barangay ng Jasaan na nagtatakda ng regulasyon at pagpapataw ng kabayaran at kaparusahan sa mga gagamit at lalabag sa paggamit ng Barangay Covered Court, ay layunin nito na makabuo ng pondong kailangan para sa pagpapanatili ng kaayusan, kalinisan, at mapangalagaan ang istruktura ng naturang gusali para sa patuloy na magamit sa pagpapahusay ng mga aktibidad sa pampalakasan, pagpapaunlad ng kabataan at pagtataguyod ng kapakanang panlipunan;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. (Tagapamuno ng Lupon sa Kautusan at Batas), na pinangalawahan nina Kgg. Norman T. Tolentino at Kgg. Roselon F. Pamatmat at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 07-T2025/Kautusang Barangay Blg. 03-T2025 ng Sangguniang Barangay Jasaan na nagtatakda ng regulasyon at pagpapataw ng kabayaran at kaparusahan sa mga gagamit at lalabag sa paggamit ng Barangay Covered Court.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan Joseph Kris Benjamin B. Agarao, Pambayang Administrador, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Sangguniang Barangay ng Jasaan, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Hulyo 28, 2025**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**AMYCAR O. SANTOS**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. JOSEPH KRIS BENJAMIN B. AGARAO**
Punong Bayan

LAM/cel 25